**2. *Crop residues, kitchen/market wastes***

*Crop residues* ang tawag sa mga natira sa bukid pagkaraang maani ang pangunahing produkto mula sa pagsasaka. *Kitchen/market wastes* naman ang turing sa mga basurang mula sa kusina at palengke na maaari ring gawing pakain sa mga alagang hayop. Halimbawa ng *crop residues* ang mga sumusunod: dayaming mula sa palay, tuyong dahon at tangkay ng mais, *sorghum*, at mani; pinagbalatan ng munggo, sitaw, at *soybean*. Maaari ring ihanay rito ang mga nalalaglag at tuyong bunga ng punong-kahoy katulad ng mangga at *acacia*. Halimbawa naman ng *kitchen/market wastes* ang mga sumusunod: pinagtalupan ng saging at kamote mula sa paggawa ng *banana cue* at *camote cue*; pinagbalatan ng mga prutas at *citrus*; mga dahon ng petsay at repolyo; at mga hindi naipagbiling gulay.

**3. *Agro-industrial by-products* (AIBPs)**

Ito ang mga natira pagkaraang dumaan sa pagproproseso (halimbawa: pagbabalat, paggiling, pagpapasingaw, pagluluto, pagpapatuyo, atbp.) ang isang pangunahing sangkap upang makuha ang pangunahing produkto na inaasam mula rito.

Mga halimbawa ng AIBPs ang mga sumusunod: *rice bran* o darak mula sa pagpapakiskis ng palay, *wheat bran* mula naman sa pagpapakiskis ng trigo, *copra meal* mula sa pagpo-proseso ng *coconut oil*, *soybean meal* mula naman sa pagpo-proseso ng *soybean oil*, pulot o *molasses* at *bagasse* mula sa tubo, *brewer's spent grains*, balat ng pinya at mangga, at marami pang iba.





Copra Meal



Rice Bran

**4. Processed animal feeds**

Ito ang mga pagkaing sadyang dumaan sa pagpo-proseso upang maging pampakain. Karaniwang ginagamit ang mga ito bilang suplementong pakain para sa mga alaga. Ginagawa rin ang pagpo-proseso kung ang pagkain ay mababa ang kalidad at matagal matunaw sa loob ng tiyan ng hayop. Halimbawa nito ang mga sumusunod: *Urea-Molasses Mineral Block* (UMMB), konsentreyt, *Urea-Treated Rice Straw* (UTRS), burong damo o *silage*, at marami pang iba.



UTRS



Silage



UMMB

*For more information, visit or contact:*


**Small Ruminant Center**
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel: (044) 456-0968
E-mail: src1983clsu@yahoo.com


*Prepared by:*


Promotions, Training and Extension Service Unit
Small Ruminant Center
and
Science and Technology Centrum
Extension Office


May 2017

# Pakain para sa mga Alagang Kambing






**Research, Extension and Training**
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Philippines

Ang sapat at tamang pagpapakain ng kambing ang isa sa mga napakahalagang aspeto sa pag-aalaga ng kambing. Malaki ang pangkalahatang epekto nito sa kabuuang sistema ng produksyon kaya marapat lamang na pag-ukulan ng pansin.

Kaakibat ng tamang nutrisyon ang magandang kalusugan, mabilis na paglaki ng katawan at pagbigat ng timbang, magandang kalidad ng karne, mataas na ani ng gatas, at magandang uri ng mga naipanganak na guya. Kaya nga napakahalagang sapat din ang pagkain na naibibigay sa mga alagang hayop upang matugunan ang mga sustansiyang kailangan nila.



## Mga Katangian ng Kambing na Dapat Pag-ukulan ng Pansin sa Pagpapakain

Napakahalagang malaman at maintindihan ang ugali at mga katangian ng kambing kung kumakain ang mga ito. Dapat itong isaalang-alang upang matugunan nang wasto ang kanilang pangangailangan sa sapat na sustansiya para sa pagmantini at paglaki ng katawan, pagbigat ng timbang, at pagpapagatas.

- Hindi nagtatagal ang mga kambing sa isang uri ng pagkain lamang. Mabilis silang masuya sa isang uri ng pagkain lamang lalo pa kung ito'y hindi sariwa at tuyung-tuyo.

- Mas gusto ng mga kambing na kumain ng iba't-ibang uri ng halamang pakain. Malawak ang kanilang panlasa kaya't nakakakain sila ng iba't-ibang uri ng pagkain. Kung dumarating sa mga pagkakataong nagkukulang sa pagkain, may kakayahan din silang kumain ng mga kakaibang pagkain katulad ng kahoy, taling yari sa abaka, at mga nakakalat na sako, damit o tela.

- ***Browser.*** Mas nakikita ang katangiang ito sa mga kambing na nakasuga at nakapastol. Mahilig kumain nang patalbos-talbos lamang sa mga murang dahon, bulaklak, bunga, at balat ng tangkay ng mga halamang makahoy at matataas na damo. Hindi nagtatagal sa isang halaman o pwesto na pinagkakainan ang kambing sapagkat pagkaraang makuha ang mga masasarap na bahagi ng halaman, dagliang lumilipat agad sila sa iba.

- Hindi kinakain ng mga kambing ang mga pagkaing naapak-apakan, naihian o nadumihan ng kapwa kambing o ibang uri ng hayop. Kaya nga't tiyak na malinis ang mga produktong karne at gatas na mula sa kambing dahil sa katangiang ito ng kambing.

- Mas gustong kainin ng mga kambing ang mga mataas na bahagi ng halaman kaysa sa mga malapit sa lupa. Kaya madalas silang tumitingkayad upang maabot lamang ang mga masasarap na bahaging ito. Karaniwang kumakain sila sa taas na 20 hanggang 120 sentimetro mula sa lupa.



## Iba't-ibang Uri ng Pagkain para sa Alagang Kambing

Ang pag-aalaga ng kambing sa intensibo o nakakulong na sistema ang isang humahadlang sa natural na ugali ng hayop sa paghahanap ng kanilang makakain. Upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa sustansiya, mahalagang mabigyan sila nang sapat na dami ng pagkain sa bawat araw.

Narito ang mga uri ng pagkaing maaring ibigay sa mga alagang kambing:

**1. Mga halamang pagkain o *forages***
Mga halaman itong ipinakakain sa hayop nang sariwa o berde ang anyo. Kasama sa mga pagkaing ito ang mga halamang kusang tumutubo sa paligid at mga halamang sadyang itinatanim upang pampakain ng hayop o ang *improved forages*. Kabilang sa uri ng pagkaing ito ang mga damo, gumagapang, pumapalupot, legumbreng kahoy, at mga dahon ng punong-kahoy.

